# KAILANGAN NATIN NG MGA PUNO



# AT KAILANGAN NG TUBIG NG MGA PUNO

Ang mga puno ng Sacramento ay mahahalagang mapagkukunan para gawing makakayanan ang ating maiinit na tag-init. Ang ating huling tagtuyot ay pumatay sa daan-daan at milyun-milyong puno sa buong California, karamihan sa mga ito ay dito sa Sacramento.

Sama-sama, mapipigilan nating mangyari muli ang krisis na ito. Ang pagsagip sa ating mga dati nang canopy ng puno at pagtatanim ng mga bagong puno ay ang ating landas tungo sa matatag na kinabukasan.

## Mahalaga ang mga puno



**Nagkakahalaga lang ng halos $3 kada buwan para diligan ang matandang puno.**

Kasing halaga ng kape, nililinis ng mga puno ang ating hangin, pinalalamig ang ating mga bahay, pinapalitan ang tubig sa lupa, pinagaganda ang ating kalusugan, at gumagawa ng masigla at mapagmahal na mga lugar. Umaasa tayo sa mga ito.

**Kapag gumagamit ng mga paraan ng irigasyon na matipid sa tubig na nasa susunod na pahina, hindi kasama ang mga puno sa mga limitasyon at iskedyul sa pagdidilig.**

## Maglagay ng mulch, makatipid ng tubig



Ang paglalagay ng mulch na gawa sa natural na piraso ng kahoy sa paligid ng iyong puno ay:

- Tutulungang lumaki nang mas mabilis ang iyong puno
- Pananatilihin ang moisture sa lupa
- Poprotektahan ang mga ugat mula sa matitinding temperatura
- Maglalabas ng mga sustansiya sa lupa
- Pipigilan ang kompetisyon ng damo at mga ligaw na damo

Ikalat ang mulch sa malambot na hugis donut sa 4 na talampakang diameter sa paligid ng iyong puno. Panatilihin itong nasa 4 na pulgada ang layo mula sa katawan ng puno, at ilatag ito nang 6 na pulgada ang kapal.

Ang mga bato, na-decompose na granite, telang pangharang sa ligaw na damo, at artipisyal na turf ay daragdagan ang pagtagas ng tubig at ikukulong ang init sa lupa. Hindi ito dapat ilagay sa paligid ng mga puno.

## Kailan magdidilig



Ang dami ng tubig na kailangan ng iyong puno ay depende sa iyong lupa at uri ng puno.

Paano mo malalaman kapag oras nang magdilig? Tingnan ang lupa!

Gumamit ng screwdriver o probe sa lupa para tingnan ang lupa nang hindi bababa sa 6" ang lalim malapit sa drip line ng iyong puno (ang lupa sa ilalim ng pinakamalayong naaabot ng mga sanga ng puno). Kung matigas, tuyo, at nadudurog ang lupa, maglagay ng tubig nang dahan-dahan. Kung basa o malagkit ang lupa, hayaan itong matuyo bago maglagay pa ng tubig.

## Ano ang dapat iwasan




- Pataba (fertilizer): Ang paglalagay ng pataba ay nanghihikayat ng pagtubo ng mga dahon, na mangangailangan ng mas maraming tubig.
- Pagtatabas: Maghintay hanggang sa taglamig para gumawa ng malalaking pagtabas.
- Sobrang pagdidilig: Kailangang ng tubig ng mga ugat, pero kailangan din nila ng oxygen. Tingnan ang moisture ng lupa bago magdilig, at dahan-dahang magdilig para maiwasan ang aksayadong pagtagas ng tubig.

SACRAMENTO TREE FOUNDATION

**Para sa higit pang payo:**
sactree.org/tagalog

# Paano didiligan ang iyong puno nang responsable

DAHIL HINDI ITO BABAWASAN NG MGA SPRINKLER SA BAKURAN




## Mga matatag nang puno (3+ taon pagkatapos ng pagtatanim)

Dahan-dahang basain ang drip line ng puno, ang bilog na bahagi sa ilalim ng pinakamalayong naaabot ng mga sanga, hanggang umabot ang tubig sa 12-18 pulgada sa ilaim. Huwag magdilig nang malapit sa katawan ng puno.

Maaari kang gumamit ng:

- Soaker hose
- Hose sprinkler na mahina ang tubig
- Drip tubing o mga emitter

Kung lalampas ang bahagi ng ugat sa matigas na istraktura (hardscape) o lampas sa iyong ari-arian, dahan-dahang basain ang bahagi ng ugat hangga't maaari.

Espesyal na tala: Ang mga katutubong puno tulad ng mga blue oak, na hindi kailanman nakatanggap ng regular na irigasyon, ay maaaring mapinsala sa pamamagitan ng paglalagay ng ekstrang tubig sa tag-init. Kontakin ang isang Sertipikadong Arborist kung mayroon kang mga tanong tungkol sa kalusugan ng iyong katutubo o matandang puno.

## Mga batang puno (1-3 taon pagkatapos ng pagtatanim)

Ang mga ugat ng batang puno ay matatagpuan nang halos malapit sa katawan.

Ang pinakamadaling paraan para diligan ang mga batang puno? Magbutas ng maliit na 1/8" na butas na malapit sa ilalim ng 5 galon na timba. Ilagay ito nang malapit sa bola ng ugat, punuin ito ng tubig, at hayaan itong dahan-dahang masipsip ng lupa.

| EDAD | DALAS | DAMI |
|---|---|---|
| 1 taon | 2-3 beses bawat linggo | 1 timba |
| 2 taon | Isang beses bawat linggo | 2 timba |
| 3 taon | Tuwing makalawang linggo | 3 timba |

Maaari ka ring gumamit ng maliit na soaker hose, drip tubing o mga emitter, o hose sprinkler na napakahina ng tubig. Iwasang i-spray ang katawan ng puno, at palawakin ang didiligang bahagi palabas habang lumalaki ang puno.




SACRAMENTO TREE FOUNDATION

## Para sa higit pang payo:

sactree.org/tagalog